

# Chapter One



**H**indi pa man nakakaibis ng tricycle si Kate Capiral, nakaingos na kaagad sa kanya ang bawat makasalubong na kapitbahay sa lugar nila sa Malaybalay, Bukidnon.

Lihim siyang napailing sa sarili. Mula nang magkaisip siya, iyon na ang kanyang nakamulatan; ang mapanuring mga mata at mapanghusgang dila ng mga ito. At upang hindi siya maapektuhan ng mga nakikita at naririnig, nagbubulag-bulagan at nagbibingi-bingihan na lamang siya.

Ilang sandali pa, humimpil ang sasakyan sa tapat ng kanilang bahay. Napabuntong-hininga ang dalaga nang masilayan ang lugar na kinalakhan niya. Tuwing narito siya sa Pilipinas, nararamdaman niya ang pamilyar na lungkot na hatid ng kanyang pagkabata.

Mahigit tatlong taon nang nagtatrabaho bilang flight stewardess si Kate sa isang international airline. Kung tutuusin, mas mainam pang magbakasyon sa isa sa magagandang lugar na napuntahan niya kaysa sa sariling tahanan na wala siyang ibang marinig kundi ang nakakatulig na katahimikan.

Being confined alone to the four corners of

her parents' house felt like she was almost near to death. Sampung taong gulang siya nang mamatay ang kanilang mga magulang sa aksidente.

Si Kate ang bunso sa tatlong magkakapatid na babae. Si Carla, bilang panganay, ang tumayong ama at ina nila ni Amy. She worked really hard for their education. Pagdating sa responsibilidad, wala silang maipipintas dito. Hindi sila pinabayaan nito. Kaya kahit umiiral ang pagiging dominante nito paminsan-minsan, hindi na lamang nila iyon pinapansin.

Nang makapag-asawa ng isang Hapon si Carla, sa Japan na ito namirmihan. Samantalang si Amy, sa Cavite naman nanirahan dahil taga-roon ang asawa nito.

Ang tanging nakakapagpasaya kay Kate ay si Nanay Chit na caretaker ng bahay. Wala pa silang magkakapatid sa mundo ay naroon na ito sa bahay na iyon bilang kasambahay ng kanyang lolo at lola. Ito rin ang nagsilbing yaya at nagpalaki sa kanilang tatlo.

“Katherine!” nakangiting bungad nito nang makita siya.

“Nanay Chit!” Sabik na niyakap niya ang matanda.

“Naku, ang alaga ko! Na-miss kita!” Masayang idinantay nito ang mga palad sa mga pisngi niya. “Teka, bakit parang namayat ka yata?”

Napangiti ang dalaga. “Sobrang pagod lang po siguro.”

“Sinabi ko nang huwag mong pababayaang sarili mo, eh. Baka magkasakit ka, wala ako roon. Walang mag-aalaga sa ’yo.” Bumakas ang pag-aalala sa mukha nito.

“Nanay,” aniya na masuyong inakbayan ito, “hindi ko naman pinababayaang sarili ko, eh. Nasa oras kung kumain ako saka hindi po ako nagpupuyat, promise.”

“Sige na nga, batang ito, oo.” Iginiya siya ng yaya papasok sa loob. “Nagugutom ka ba? Gusto mong kumain? Nagluto ako ng paborito mong kare-kare. Alam kong darating ka, eh.”

Napadilat si Kate nang marinig iyon. “Sige, Nanay, magpapalit lang ako ng damit,” nakangiting sabi niya.

“Ako na,” anito nang akmang hihilahin niya ang kanyang travelling bag.

Hindi pa siya nakakaisang hakbang patungo sa kanyang silid nang tumunog ang cellphone niya. Si Carla ang nasa kabilang linya.

Napailing ang dalaga. Pihadong kung hindi sermon ang maririnig niya sa kapatid, tatadtarin siya nito ng mga kuwentong walang kabuluhan para sa kanya.

“Kate, nasa Pilipinas ka na ba?” tila nagkukumahog na tanong nito.

“Kadarating ko lang, Ate. Bakit?”

“Naku, Katherine, can’t wait to tell you this! Iyong isang kaibigan ni Izanagi,” tukoy nito sa pangalan ng asawa, “nagpapahanap ng mapapangasawa at ang gusto raw, Pinay!”

Napabuntong-hininga siya. Tama ang hula niya. Batid niya kung ano ang tinutumbok ng sasabihin nito. At iyon marahil ang bagay na ikinamumuhi sa kanila ng mga tao. Dahil sa kagustuhan ni Carla na mapabuti ang buhay nila, naging panuntunan nito na dapat makabingwit sila ng asawang mayaman. Kaya hindi nakakapagtakang mabahiran ang reputasyon nila bilang mga ambisyosa.

Samantalang kung tutuusin, simple lamang ang pangarap ni Kate; ang makapag-asawa ng isang lalaking mamahalin siya habambuhay. Para sa kanya, mas mahalaga iyong masaya at buo ang pamilya. At higit sa lahat, iba pa rin iyong pagpapakasal dahil tumibok ang puso niya kaysa iyong pilit na pag-ibig dahil sa pera.

“Naiinis nga ako kay Izanagi, eh,” maktol ng kausap. “Iyong pinsan niya ang gustong ipakilala kay Akio. Inaway ko nga. Ang s’abi ko, hahanap ka rin lang, eh, di kapatid ko na.”

Napasimangot siya. “Ate, ayan ka na naman, eh! S’abi ko naman sa ’yo, hindi ako pabor sa blind dates,” aniya.

“Ano ka ba, Katherine! Guwapo si Akio at saka

ubod ng yaman! Isa siyang tire manufacturer dito sa Japan.”

“Kahit siya pa ang pinakamayaman sa buong mundo, ayoko pa rin sa kanya. Saka wala akong tiwala sa mga ganyang klaseng tao. Hindi ba niya alam na kusang dumarating ang oras ng pag-aasawa? Hindi iyon hinahanap katulad ng ginagawa niya.”

“Ah, basta! Sa ayaw at sa gusto mo, isasama namin siya ni Izanagi pag-uwi namin diyan sa Christmas,” giit nito.

“Nag-aaksaya lang siya ng panahon,” iritadong sabi niya.

“Huwag matigas ang ulo, Kate!” Mas tumaas pa ang high-pitched na boses nito.

“Ate Carla, hindi na ako bata. May pangarap ako para sa sarili ko. Iba ako sa inyo ni Ate Amy,” pahayag niya habang nagpapabalik-balik ng lakad sa sala.

“Ano bang iba ang sinasabi mo? Magkakapatid tayo, iisang dugo. Imposibleng mahaluan ng mangga ang saging.” Narinig niyang nagbuntong-hininga ang kapatid. “Katherine, hindi kita itutulak sa masamang tao. Ang gusto ko lang, maging maayos ang buhay mo. Tingnan mo si Amy, hindi ba’t napabuti siya? Hindi kasi niya ako sinuway. Sayang ang ganda mo kung mapupunta ka lang sa lalaking isang kahig, isang tuka.”

Naupo si Kate sa sofa saka mariing ipinikit ang kanyang mga mata. Iyon ang dahilan kung bakit sa edad niyang beinte-cinco ay hindi pa siya nagkaka-boyfriend hanggang ngayon. Paano, kinikilatis ng kapatid kahit ang pinakamaliit na piraso ng love letter na maapuhap nito sa kanyang bag. Daig pa nga nito ang isang inspector kung maghalungkat ng kanyang gamit.

“Hello, Kate? Kausap pa ba kita?” narinig niyang sabi nito.

“N-naririnig kita, Ate Carla,” atubiling sagot niya.

“Sige, magkita-kita na lang tayo sa Pasko. Iyong napag-usapan natin, huwag mong kalilimutan,” matigas na bilin nito.

Sandaling natulala ang dalaga matapos ang tawag. Kilala niya ang kapatid. Wala siyang natatandaang desisyon na binali nito. Kung ano ang inaakala nitong tama, hindi na kailanman mababago iyon.



“Casey, puwede bang ako na ang magdala nito?” ani Kate sa kapwa niya Pilipinang stewardess.

“Oo ba.” Nakangiting ipinasa nito sa kanya ang food trolley. “Good luck. Sana maka-score ka.”

Natawa siya sa panunukso nito. “Talagang mahirap magpa-cute sa taong isnabero.”

Humalakhak ito. “Ang sabihin mo, hindi interesado.”

“Bakit naman?”

“Baka bakla?”

Napaingos siya sa sinabi nito. “Hindi naman siguro. Wala sa hitsura niya, eh,” salag niya.

“Oy, Katherine, hindi lahat ng pormang macho, lalaki na. Marami diyan, nakabalot lang sa banig. Pero kapag naisipang lumantad, hala, mas malandi pa sa ‘yo!” nakapamaywang na sabi nito.

Napahagikgik si Kate.

“Sige na, lakad na. Baka kanina pa hinihintay iyan. Kapag nagutom iyon, baka lalong hindi ka makilala.” Marahan siya nitong kiniliti sa tagiliran.

Parang tinatambol ang kanyang dibdib habang binubuksan niya ang pinto ng flight deck. Naroon kasi ang guwapong piloto na nagpapatibok ng puso niya—si Niccolo Ragante. Pangalan pa lamang nito ang kanyang naririnig, para na siyang idinuduyan sa kaligayahan.

Ngumiti ang co-pilot nito na si James nang makita siya. Ngunit ang lalaking nililiyag, kahit sulyap ay ipinagdamot pa nito sa kanya.

Lihim na sumimangot ang dalaga. Kunsabagay, ano ba ang aasahan niya sa isang supladong katulad nito? Ang maging friendly? Imposible.

Sa tagal nilang magkasama sa trabaho, hindi pa niya ito nakitang ngumiti. Laging seryoso ang lalaki

na parang sa himpapawid lamang nakasentro ang buhay nito.

Gusto na niyang kumbinsihin ang sarili na tumigil na sa pagpapa-charming dito. Dangan nga lamang, talagang hindi niya mapigil ang kanyang puso na mahumaling sa binata.

“Thanks, Kate,” ani James sa kanya na parang nagpapapungay pa ng mga mata.

“You’re welcome,” aniya sa kausap habang pairap na sinulyapan si Niccolo. “Buti ka pa, very appreciative samantalang iyong iba diyan, walang pakialam.”

Natawa ito pagkatapos ay nilingon ang kasama. “Nick, dinalhan tayo ni Kate ng pagkain.”

Sa wakas ay lumingon sa kanya si Niccolo. Pasimpleng sinapo niya ang dibdib dahil sa malakas na tibok ng kanyang puso. Kahit hindi siya humarap sa salamin, batid niyang namumula ang kanyang mga pisngi.

“Thank you,” matipid na sabi ng binata sa kanya. His face still looked apathetic.

Napabuntong-hininga si Kate. Ano bang klaseng gayuma ang kailangan niya para lamang mapansin nito?



“I’m sorry, Ate Carla,” ani Kate sa kausap sa kabilang linya. “I can’t be with you on Christmas Day.”



“Ano!” Kahit malayo ito sa kanya, batid niya kung gaano lumaki ang mga mata nito nang marinig iyon. “Pero bakit?”

“I was scheduled to be in three flights this season,” pagsisinungaling niya. Dahil ang totoo, kasama niya si Casey na naglililiwaliw sa Paris nang mga sandaling iyon. Sinadya niyang hilingin ang bakasyong iyon sa management upang makaiwas sa lalaking ipinangangalandakan sa kanya ng kapatid.

“Pambihira naman, Katherine! Maliwanag ang usapan natin na uuwi ka!” Halata ang inis sa tono nito. “Ang lagay na iyon, hindi ka pala nagpaalam sa opisina ninyo?”

“Nagpaalam ako, Ate, pero kailangan daw talaga, eh,” muling alibi niya.

Narinig niyang pumalatak si Carla. “Ngayon lang yata nangyari na kahit sa mismong araw ng Pasko, may trabaho ka. Dati naman, nakikipag-unahan kang magbakasyon. Baka dahilan mo lang iyan, Kate, dahil ayaw mong makilala si Akio?”

“Hindi naman sa ganoon, Ate.” Talagang desidido itong makaisang-dibdib niya ang lalaki. Napahugot siya ng hininga. Maaaring nakaiwas siya sa sitwasyong iyon ngayon, ngunit sa susunod na pagkakataon, batid niyang hindi na siya makakapagdahilan pa.

“Sige, pagbibigyan kita ngayon pero sa susunod, talagang paglalaanan mo ng panahon ang pagkikita

ninyo,” utos nito.

Nangurumpit ang mukha ng dalaga. Hindi niya ito sinagot.

“Kate, kinakausap kita,” madiing sabi nito.

“Hindi dahil bunso ka, pagbibigyan kita sa gusto mo. Ako pa rin ang masusunod pagdating sa pagpili ng lalaking karapat-dapat sa ’yo.”

Lalo siyang sumimangot. “Ate, hindi naman lahat ng babae na nakapag-asawa ng mayaman ay masaya. Marami diyan, problemado ang buhay. Iyong iba naman, hindi lang nagkukuwento pero mahahalata mong malungkot sila sa buhay-may-asawa.”

“Katherine, kung ayaw mo akong magalit sa ’yo, huwag ka nang magdahilan ng kung anu-ano. Hayaan mo munang magkita kayo at magkakilala ni Akio, maliwanag? Tumatanggi ka na agad, wala pa nga.”

“Kahit naman paulit-ulit akong tumanggi sa gusto mo, wala akong magagawa. Kahit kailan, wala akong boses para sa sarili ko.” Hindi napigilan ni Kate ang humihilab na emosyon at nakapagsalita siya nang ganoon kay Carla. Tinapos niya ang tawag nang hindi nagpapaalam dito.



# Chapter Two



Giliw na giliw si Kate habang tinititigan ang isa sa mga sikat na obra maestra ni Leonardo Da Vinci, ang larawan ni *Mona Lisa*. Naroon siya sa *Louvre*, ang art museum na matatagpuan sa Paris kung saan mamamalas ang karamihan sa works of art na kinikilala sa buong mundo.

Ang lugar na iyon ang isa sa matagal na niyang pinapangarap na marating kaya nagmistula siyang bata nang pumasok sa nakakamanghang entrada niyon, ang bantog na glass pyramids.

“You smile like her,” anang pamilyar na tinig-lalaki mula sa likuran niya. Muntik na siyang magtatalon nang makita si Niccolo na nakangiti sa kanya.

“N-Nick?”

“Nakakapagtaka bang makita mo ako rito?” balik-tanong nito, sumeryoso ang mukha.

Kumabog ang dibdib ng dalaga. Sa sobrang excitement ay hindi malaman ni Kate ang isasagot. “A-ano ang ginagawa mo rito?”

Nang itinitig nito ang mga mata sa kanya, pumitlag ang puso niya. “Same reason why you’re here,” simpleng sabi nito.

Her ordinary vacation had suddenly become

incredible because of this man's breath-taking charisma. Sadyang nakakatuliro ang kakisigan nito. It was a seamless melange of strength and enigma.

She liked the way Niccolo stared at her. His brown eyes could speak of defined intensity which could make a woman fall in love with him so instantly.

“May kasama ka?” malaunan ay tanong nito habang nakapamulsa ang isang kamay.

“Si Casey.” Nagpalinga-linga ang dalaga. “Nandiyan lang siya. Nagkahiwalay kami kanina dahil sa katitingin sa paintings.”

“Saan kayo tumutuloy dito?”

“Sa *Pavillon Bastille*,” aniya.

Napangiti ang binata. “Doon din ako.”

“T-talaga?” Kasabay ng pamimilog ng mga mata niya ang pagpiksi ng kanyang puso na wala yatang kapaguran. “Small world. Kailan ka pa rito? S-sino ang kasama mo?” Medyo nag-atubili siya nang bigkasin ang huling tanong.

“Kahapon lang ako dumating. Wala akong kasama,” tugon nito.

Nakahinga nang maluwag si Kate nang marinig na wala siyang kakompetensya sa atensyon ng binata nang mga sandaling iyon.

“Bakit dito mo naisipang magbakasyon?” tanong niya.

“Alam naman nating Paris is one of the best

places many people ought to see,” sagot nito. “At para sa akin, it’s also the best place to mull over solitude.”

*To mull over solitude?* ulit niya sa sarili. Ano ba ang ibig sabihin nito? Nais ba nitong mapag-isa upang makapag-meditate? Pero bakit? Para saan? May balak ba itong magpari?

Lihim na ipinilig niya ang ulo. Hindi naman siguro. Isang matatag na propesyon ang pagiging piloto. Ipagpapalit pa ba nito iyon sa ibang bokasyon?

Muli siyang napatitig sa mga mata nito na nakapako rin pala sa kanya.

Paano kaya sila magkakasundo ni Niccolo kung magkaiba ang personalidad nila? He was a loner while she hated being alone. Siguradong hindi nito matatagalan ang kadaldalan niya.

Mayamaya ay biglang pumilantik ang utak ni Kate na parang sinindihang bombilya. Bakit nga ba hindi niya kaagad naisip? May kasabihan na ‘opposite attracts’. There might be a good chance that they could get along well. At kapag nangyari iyon, may posibilidad na magustuhan siya nito.

“May gagawin ka ba mamayang gabi?”  
mayamaya ay tanong nito.

Napakurap-kurap si Kate. “W-wala naman. Bakit?”

“Can I invite you over dinner tonight?”

Her heart started to beat faster. “I... I’ll tell Casey.”

Umiling ang lalaki. “No, Kate. Just the two of us.”

Nagmistulang bola ang puso niya na idini-dribble. Hindi rin niya napigilang humugot ng malalim na hininga dahil sa matinding kaba. Iyon na yata ang pagkakataong pinakahihintay niya.

Warmth covered her cheeks and her tongue seemed to be warped in one corner making her words dropped uneasily. “S-sure, sige.”

“Can I get your room number?”

Halos mautal siya nang sabihin dito iyon.

Pagkatapos ay ngumiti si Niccolo. “I’ll be at your door at around seven thirty.”

Lihim na kinapa ng babae ang kanyang dibdib. Pakiramdam niya, isa siyang *Disney* princess nang mga oras na iyon. Para siyang hihimatayin sa kilig. She could hardly believe that her dream was just about to unfold.

“O-okay. Seven thirty.” Ngumiti siya.



Niccolo brought her at *Villa Spicy*. At first glance, it was like a real villa. Its ambiance was peaceful and ideal for some sort of privacy. Maging ang pastel color theme ng restaurant na iyon ay malamig sa mata.

Overall, the place had made her feel she was

exceptional.

Nasorpresa ang dalaga nang makita ang mesang nakahanda para sa kanila. Ang alam niya, isang ordinaryong hapunan lamang ang ipinunta nila roon. She didn't expect it to be a candlelit dinner.

“You like it?” tanong ng lalaki nang makapuwesto na sila nang maayos.

“W-what?” She was overwhelmed that she didn't really hear him.

“How do you like the table setting?” paglilinaw nito.

“R-romantic.” Napangiti siya. “I like it.”

Nagulat si Kate nang iabot nito sa kanya ang isang bungkos ng pinaghalong rosas at fleur de lis. Dumagundong ang dibdib niya.

“T-thank you,” aniya. Muli niyang ginawaran ng isang matamis na ngiti ang binata.

“Glad you went out with me,” mayamaya ay sabi nito, after taking a sip from the glass of white wine.

“I don't see any reason that I should not,” tugon niya.

Ngumiti si Niccolo. “I just hope I didn't spoil your vacation.”

“Of course not!” Halos takpan niya ang bibig matapos sabihin iyon. “I mean, hindi naman. Walang silbi ang bakasyon kung hindi natin lulubusin ang pamamasyal, hindi ba?”

“I didn’t expect to see you here in Paris, kaya nagulat ako nang makita kita kanina. Ang alam ko, umuuwi ka ng Pilipinas kapag Christmas season kaya binansagan kang Christmas Girl ng mga kasamahan natin,” anito.

Natawa ang dalaga. “H-hindi kasi makakauwi ang kapatid ko na naka-base sa Japan,” pagkakaila niya. “Ayoko namang mag-celebrate ng Pasko nang nag-iisa. Anyway, alam mo rin pala iyong bansag sa akin.”

Ngumiti ito. “Bagay naman sa ’yo.”

“B-bagay sa akin?”

“Masayahin ka kasi, and you never run out of stories to tell.”

“Ang sabihin mo, madaldal. Pinaganda mo pa.”  
Kunwari ay umirap-irap si Kate.

Nang muling ngumiti ang lalaki, muntik nang mahulog ang puso niya. “Mas okay nga iyong makuwento ang babae para hindi ako mainip.”

“Alam mo, ang akala ko, suplado ka,” aniya.

Sa kauna-unahang pagkakataon, narinig niyang tumawa ito. “Tahimik lang kasi ako, pero hindi ako suplado. I appreciate what I hear and rejoice in silence. But I can make friends if I want to.”

*Friends?* dismayadong ulit niya sa sarili. Iyon lamang ba ang dahilan kung bakit siya inimbitahan nitong kumain sa labas?

“And I can be closer to someone I like,” dugtong



nito.

Sa isang iglap, bumalik ang pag-asa ni Kate na muntik nang makaalpas. Nag-angat siya ng mukha at itinuon ang paningin sa kaharap.

“N-nice to hear that. At least, hindi ako mangingiming kausapin ka,” wika niya.

“Don’t worry, kahit hindi ako sociable na tao, mabait naman ako.” Muling natawa si Niccolo. “By the way, saan ka nga pala sa Pilipinas, Kate?”

“I’m from Bukidnon.”

Napadilat ang kausap. “Talaga? Taga-roon din ako, sa Dahilayan. Ikaw?”

Napangiti siya. “Sa Malaybalay. Hindi ako makapaniwala, magkababayan pala tayo.”

“Yeah,” natutuwang sabi nito. “The more we should get to see each other often.”

Pumalakpak ang mga tainga ng dalaga sa narinig. Hindi niya akalaing nagsisimulang magkatotoo ang mga panaginip niya tungkol sa lalaki. Kapag nagkataon, hindi niya makakalimutan ang lugar na iyon sa tanang buhay niya.



“Bihira ka bang umuwi sa Dahilayan?” tanong ni Kate kay Niccolo. Naroon sila sa second floor ng *Eiffel Tower*. Kapag gabi, kitang-kita mula roon ang naggagandahang gusali sa paligid. Standing up there, the view was even more magnificent.

“Kapag may okasyon lang,” sagot nito habang

inililibot ang mga mata.

Sinulyapan niya ang lalaki. “Hindi ba okasyon para sa ’yo ang Pasko?”

Tiningnan din siya nito kaya nagtama ang mga paningin nila. “Katulad mo, ngayon lang din ako hindi nakauwi.”

Bahagyang nangunot ang kanyang noo. “Para magbakasyon dito sa Paris nang nag-iisa?”

Narinig niyang nagbuntong-hininga ito pagkatapos ay tumingin sa malayo. “May mga panahon din kasi na mas masusulit mo ang oras kapag nag-iisa. Hindi mo pa ba nasubukang magbakasyon nang ikaw lang?”

Ikinibit ni Kate ang mga balikat. “Hindi pa. Isa ngang dahilan iyon kaya isinama ko rito si Casey.”

“Takot ka bang mag-isa?” Muli siyang tiningnan ni Niccolo.

“Kapag kasi nag-iisa, halos lahat ng mga bagay na ayaw kong isipin, bigla kong naaalala. Nalulungkot lang ako,” aniya.

“Katulad ng?”

“I was ten years old nang mamatay ang parents ko sa isang aksidente. Kapag umuuwi ako at nakikita ko iyong bahay namin, naaalala ko sila. I feel helpless.

“Tatlo lang kaming magkakapatid, puro babae. Iyong panganay namin, nakapag-asawa ng isang Japanese kaya tuwing Christmas season lang din

nakakauwi sa amin. Iyong pangalawa namin na sinundan ko, ganoon din, may sariling pamilya na sa Cavite,” kuwento niya.

“Ikaw pala ang bunso.”

“O, huwag mong isiping spoiled brat ako, ha,” saway niya. Pabirong dinunggol niya ito sa braso.

“Hindi naman. Naisip ko lang, bagay pala tayo,” nakangiting sabi nito.

“Panganay ka?” Umangat ang mga kilay niya.

Tumango ang binata. “Mabuti pala, nagkita tayo rito.”

“Hindi ba ako nakakaistorbo sa ’yo? I mean, gusto mong mapag-isa pero kasama mo ako ngayon.”

“Hindi ka istorbo, Kate. In fact, gusto kitang makasama ngayon.” Natigilan siya nang sumeryoso ang mukha nito.

At mas nagulantang ang dalaga nang biglang ilapat nito ang mga labi sa kanyang bibig. Hindi siya makapaniwalang hinalikan siya ng lalaking pinapangarap.

Dahil wala pa siyang karanasan sa paghalik, nagmistula siyang isang mannequin na walang kabuhay-buhay habang hinahalikan ng isang matipunong prinsiphe.

Ilang minuto rin ang itinagal ng halik nito. Mabuti na lamang, walang pakialam sa kanila ang mga tao roon.

Bahagyang nanginginig ang kanyang mga kamay habang nagliliyab naman ang puso niya sa nakakakilig na tagpong iyon. She felt she was drowning in unbreakable passion. Nakakabaliw ang halik ni Niccolo.

She used to dream of how it would feel to be kissed by a special guy. And now that she knew, she was delighted to realize that it was more memorable than she ever imagined.



# Chapter Three



Nanlaki ang mga mata ni Casey nang malaman nito ang nangyari. “Ang bilis naman! Hindi ka man lang nagpakipot?” sita nito.

“Bigla nga niya akong hinalikan. If you were in my shoes at crush mo iyong tao, makakatanggi ka pa ba?” depensa niya sa sarili.

Her friend made face. “Hindi nga rin pero—”

“O, ikaw rin pala, eh.” Nangingiting iniunat ni Kate ang katawan sa orange-colored divan na naroon. “I really had a wonderful night!”

Pinausod siya nito at naupo sa gilid niya. “Alam mo, Kate, hindi ko gustong sirain ang gabi mo, pero hindi talaga ako kumbinsido sa nangyari sa inyo ni Nick kanina.” Nabahiran ng pag-aalala ang mukha nito.

Biglang nawala ang ngiti sa mukha niya. “Ano ang ibig mong sabihing hindi kumbinsido?”

“When you told me that he kissed you, sa halip na matuwa ako, parang bigla akong kinabahan. Ewan ko ba, basta ko na lang naisip. Siyempre lalaki iyon. Alam mo na, matalas ang pakiramdam. Malay mo kaya lang niya ginawa iyon ay dahil nararamdaman niyang type mo siya,” paliwanag nito.

“Para mo na rin sinabing ginawa lang niya iyon para pagbigyan ako sa kahibangan ko,” half-annoyed na sabi niya.

“Don’t get hurt, Sis, pero parang ganoon nga ang feeling ko,” umiiling-iling na sagot nito.

“Casey, it’s too early to say that. Huwag mo agad husgahan iyong tao. In fact, he’s nice,” pagtatanggol niya sa lalaki.

“Kate, hindi naman dahil sinabi ko iyon, eh, hinuhusgahan ko na ang pagkatao niya. Ang sa akin lang, gusto kong mag-ingat ka. Hindi lahat ng halik ay sinsero. Kasabihan nga iyong Halik ni Hudas, hindi ba?” Saglit itong tumigil sa pagsasalita bago nagpatuloy, “Pero kung talagang malinis ang intensyon niya sa ’yo, then go ahead. Ikatutuwa ko pa iyon.”

Napabuntong-hininga ang dalaga. “Thanks, Case. Don’t worry about me. I’ll be cautious in every way.”

“Keep that promise.” Napangiti ito. “Ano, hatinggabi na. Hindi ka ba lilipat sa kama?”

“Dito na lang ako matutulog. Tinatamad na akong bumangon,” naghihikab na sabi niya.

Napangiti ang kaibigan. “Buti kung makatulog ka. Mukhang naglalakbay pa rin ang diwa mo sa itaas ng *Eiffel Tower*, eh.”

“Inggit ka lang!” biro niya.

Natawa ito. “Inggit na kung inggit. Kapag

humaba iyang nguso mo sa panaginip, lapirutin ko pa iyan.”



Hindi magkandatuto si Kate habang inaayos ang sarili sa salamin. Napagkasunduan kasi nila ni Niccolo na magse-celebrate ng Christmas Eve sa unit nila ni Casey ang binata.

“Oy, isang oras ka na yata diyan. Hindi ka pa ba tapos?” bati ni Casey nang malingunan siya. Kasalukuyan nitong hinahango ang nilutong roast beef mula sa oven. Expert ito pagdating sa pagluluto.

Suot ang bagong peach dress na binili niya sa isang boutique sa Paris, tumayo siya sa harap nito saka umikut-ikot. “Bagay ba sa akin ang suot ko? Iyong makeup ko, masyado bang makapal?”

“Naku, Kate! Mas natataranta ako sa ’yo kaysa sa ginagawa ko,” reklamo nito.

“Ito naman, para sasabihin lang kung okay o hindi. Masyado kang mareklamo,” aniya, nagkunwaring nagtatampo.

Saglit na inihinto ng kausap ang ginagawa nito at sinipat-sipat siya. “Okay naman. Kailan ka ba pumangit?”

“Sa tingin mo ba, mai-impress si Nick sa hitsura ko?”

Namaywang si Casey. “Hahalikan ka ba niya kung hindi siya impressed?”

Napangiti ang dalaga. “Ano pa ba ang maitutulong ko diyan?”

“Ikaw talaga, kung kailan nailuto ko na lahat saka ka nagtanong,” nanunulis ang nguso na sabi nito. “Sige na, ako na ang bahalang mag-set ng table. Sigurado akong parating na si Nick.”

Mayamaya nga ay tumunog ang cellphone niya.

“Hi!” bati ng lalaki sa kabilang linya. “I’m right here at your door.”

Nagkukumahog na muling sinilip ni Kate ang sarili sa salamin bago tinungo ang pinto.

“Pasok ka,” nakangiting anyaya niya kay Niccolo.

Ngumiti rin ito nang makita siya kasabay ng simpleng paghagod sa kabuuan niya. “You look amazing,” anito.

“T-thank you,” aniya. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang mukha. She was flattered.

“Ang sipag naman ng personal chef mo,” komento nito nang mabungaran si Casey sa loob.

“Hi, Nick! Make yourself comfortable. Kami lang naman ni Kate ang narito,” bati nito sa lalaki habang tinatangal ang pagkakatali ng apron sa katawan.

Pagkatapos nilang pumuwesto sa glass-covered round dining table ay saka iniabot ni Niccolo sa kanya ang pasalubong na Poilane Loaf, one of the best breads in Paris. He also brought a bottle of



French wine.

“Salamat. Nag-abala ka pa,” anang dalaga rito.

“Do we have another thing to celebrate aside from Christmas Eve?” pilyang tanong ni Casey sa dalawa.

“Kind of,” ang binata ang sumagot.

Naramdaman ni Kate na kumislot ang puso niya. Gayunpaman, hindi siya kontento sa sagot nito. She wanted to hear more than that, more or less a confirmation of what had transpired between them the other night.

Bigla siyang nakaramdam ng lungkot nang hindi nito dinugtungan ang sinabi. Gayunpaman, she needed not to bother at all. She had to convince herself that it was just a kiss. Nothing more.



“Merry Christmas, Kate!” sabi ni Niccolo sa kanya nang sumapit ang alas doce ng hatinggabi. Naroon sila sa upper circle ng unit kung saan kitang-kita nila ang buong kalangitan na napapaligiran ng maraming bituin. At dahil magkadikit ang mga braso nila, she could feel the thundering euphoria running through her skin.

Mayamaya, dahan-dahan nitong inilapit ang mukha sa kanya at kasabay ng banayad na pag-hip ng hangin, he kissed her again.

This time she felt the quivering of her spine. Siguro ay dahil na rin sa alak na nainom niya. She

could feel in her veins that there was a clear sign of yearning for something more intimate.

Gusto man niyang ipunin ang natitira pa niyang katinuan, his hot lips were driving her crazy. Namalayan na lamang niyang sinasagot niya ang halik ng lalaki.

Nang maabot ng mga labi nito ang kanyang leeg, she wheezed a little. Then she felt his arms around her waist, bringing her closer to his lean body. She almost screamed when she felt his growing thickness against her delicate zone. Bigla siyang nangatal sa realization na iyon. Hindi tuloy alam ni Kate kung dapat ba siyang kabahan sa kabila ng excitement niya.

Nang ibalik nito ang bibig sa mga labi niya, hindi na iyon kasing-simple ng mga nagdaang halik nito. It was deeper, more fervent. At dahil sa pinaparamdam nitong pagnanasa, hindi rin niya napigilan ang sariling matangay. Isinaklit niya ang mga braso sa leeg ng lalaki. Without any further thinking, she ardently returned his passion with her craving kisses.

Dahil sa ipinamalas niya, naging hudyat iyon kay Niccolo na ituloy ang ginagawa.

Naramdaman niyang dahan-dahang umusad ang mga kamay nito paakyat sa kanyang likod. At mula roon, pahimas na lumipat iyon sa sabik na mga dibdib niya. Pagkatapos ay pinagulong nito

ang dila sa isang tainga niya. Dahil doon, naging marahas ang paghinga niya.

Mayamaya ay inililis ni Niccolo ang laylayan ng kanyang damit at pinisil-pisil ng mga kamay nito ang kanyang mga hita habang ang mga labi nito ay abala sa paghalik sa leeg at dibdib niya. Nang pinagapang nito ang isang kamay patungo sa balakid na tumatakip sa kanyang pagkababae, naramdaman ni Kate na may biglang kumislot mula sa kaibuturan niya. Napaungol siya.

“Kate, we can’t...” anito habang hinahalikan siya, “...do it here.”

Bagaman nakapikit, nangunot ang noo niya. “W-why not?”

Itinigil ng lalaki ang ginagawa. “Let’s go to my place.” Ikinawit nito ang isang braso sa kanyang baywang saka siya iginiya papunta sa hotel room nito.

Walang kilatis na nilagpasan nila si Casey na mahimbing na nakahilata sa couch sa sala. Madaling nakatulog ang babae dahil sa dami ng nainom nitong alak. Wala tuloy itong kamalay-malay sa nangyayari.

Muli siyang pinaulanan ng nag-aalab na halik ni Niccolo nang maihiga siya nito sa kama sa inookupa nitong silid.

Punumpuno ng romansa ang mga mata nito tuwing tititigan siya. Kate could smell the warm

fresh air coming out of his mouth, too, filling her face. Lalo tuloy lumalim ang pagkahumaling niya rito.

Mayamaya ay maingat siyang idinapa ng lalaki. Gamit ang bibig, dahan-dahang ibinaba nito ang zipper ng kanyang bestida hanggang malantad ang maputi at makinis niyang likod. Nang matanggal ni Niccolo pati ang pagkakakawit ng kanyang bra, pinagapang nito ang dila sa hubad niyang likod. Napakislot si Kate.

Itinihaya siya nito upang hubarin ang underwear niya. Tila umilaw ang mga mata ng kaniig nang mapagmasdan nang husto ang naghuhumindig niyang dibdib. Hindi rin nakaligtas sa paningin niya ang butil-butit nitong pawis sa noo. Pakiramdam tuloy niya, isa siyang katakam-takam na pagkain.

At bago pa man niya natakpan ang dalawang bundok na iyon sa kanyang harapan, naisubsob na nito ang mukha roon at parang ubas na sinipsip nito ang matamis na lasa ng mga iyon. Kakaibang kiliti ang gumapang sa buong katawan ng dalaga. Napaungol siya.

“N-Nick, I like what you’re doing...” anas niya sa tainga ng lalaki. “I-it... it makes me feel good.”

“I know,” pabulong din na tugon nito.

Napakapit nang mahigpit si Kate sa mga balikat ni Niccolo nang maglakbay pababa ang bibig nito

sa kanyang puson hanggang magpaikut-ikot iyon sa kanyang mga singit. Parang mapipigtas ang kanyang hininga sa ginagawa nito sa kanya.

Manaka-naka ang ginawa nitong pagkanti sa kuntil ng kanyang pagkababae at sa tuwing kakalabitin iyon ng dila nito ay napapaigtad ang kanyang balakang.

“N-Niccolo...” Di-sinasadyang naisabunot niya ang mga daliri sa buhok nito dahil sa matinding deliryong pinatitikim ng binata sa kanya.

Her brand-new experience with Niccolo was making her weak with overwhelming pleasure. Hindi niya sukat akalaing mararanasan niya ang ganitong bagay sa piling ng lalaking matagal na niyang pinapantasya sa isip.

Niccolo moved his fingers upward to gently stroke her stiff nipples while his tongue was busy doing its job on her thing. Malimit mapasinghap ang dalaga. Sa sarap na dulot ng karanasang iyon, ayaw na yata niyang matapos ang gabi.

Mayamaya ay pumuwesto ang binata sa ibabaw niya at itinutok nito ang makisig na sandata sa bukana ng kanyang pagkababae. At unti-unti, pinilit nitong makapasok doon. Napadaing sa sakit si Kate. Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Batid niyang sa unang karanasan, kalakip ang pagtitiis ng unang sakit upang sa kabila niyon ay makamit niya ang naiibang pangako ng kaligayahan.

Sandaling inihinto ni Niccolo ang kapangahasang iyon nang mamalas nito ang naging reaksyon niya. Ngunit ayaw papigil ng kalooban ng dalaga.

“G-go ahead, Nick,” aniya.

Muling kumilos ang kaniig upang angkinin siya. Hindi nagtagal ay naabot nilang pareho ang rurok ng kaligayahan. Napaungol ang lalaki. Napakapit naman siya nang mahigpit sa mga braso nito.

Nang matapos ang maalab na pag-iisang-katawan nila ay niyakap nila ang isa’t isa, may ngiti sa kanilang mga labi.

